

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kasama ang Brampton sa unang mga lungsod sa Canada na sumali sa ShopHERE bilang tugon sa lokal na independiyenteng mga negosyante

BRAMPTON, ON (May 29, 2020) – Ang Brampton ay isa sa mga unang munisipalidad sa Canada na nag-anunsyo ng paglahok nito sa inilunsad kamakailan na programang ShopHERE.

Ang [ShopHERE](#), isang programa na iniaalok ng Digital Main Street sa pakikipagtulungan ng mga vendor tulad ng Google, Shopify, Mastercard, Microsoft, Facebook, eBay, at eShipper, ay unang inilunsad sa Lungsod ng Toronto at nagbibigay ng serbisyo na magtayo ng online storefronts para sa lokal na mga independiyenteng negosyante at mga artist nang walang bayad sa kanila. Kahapon, inanunsyo ng Google ang \$1 milyong commitment para ilunsad sa buong bansa ang programa, at isa ang Brampton sa mga unang nakilahok.

Habang ang mga independiyenteng negosyante at artist ay nag-a-adjust sa mga epekto ng COVID-19 at inilapat online ang kanilang mga alok, ang ilan ay nangangailangan ng suporta sa pagsisimula. Ang ShopHERE ay tumutulong sa mga lokal na negosyante na bumuo ng digital platform na kailangan nila para magpatulong sa pagbebenta ng kanilang mga produkto o serbisyo at lumapit sa mga customer sa mga bagong paraan.

Bilang bahagi ng programang ShopHERE, ang mga negosyante ay tatanggap ng kanilang piniling online store na pinasadya sa kanilang partikular na impormasyon at branding. Tatanggap din sila ng tulong sa pag-set up at paglunsad ng kanilang online store, at pagsasanay para suportahan sila sa mga bahagi tulad digital marketing, shipping at pamamahala sa imbentaryo.

Para sumali sa programang ShopHERE, ang mga negosyante ay kailangang may mga empleyado na hindi umabot sa 10, o mas kaunti kaysa 25 kung ang negosyo ay isang cafe, restawran, o bar. Ang mga negosyong parte ng isang franchise o chain ay hindi kwalipikado para sa programa.

Noong Mayo 13, [Inaprubahan ng Konseho ng Brampton ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) bilang isang balangkas para umabante ang Lungsod sa muling pagsisimula ng lokal na ekonomiya. Ang ShopHERE ay isa sa bilang ng mga agarang inisyatiba na ipapatupad ng Lungsod bilang bahagi ng estratehiya na ito, para makatulong sa pagsuporta sa mga lokal na negosyante habang tumutugon sila sa mga epekto ng COVID-19.

Ang mga negosyante ay maaaring mag-aplay para sumali rito sa <https://digitalmainstreet.ca/shophere/>.

Mga Quote

“Ang ating lokal na mga negosyante ay ang gulugod sa ating komunidad, at labis silang nahihirapan sa mga epekto ng COVID-19. Nagsisikap tayong mabuti para suportahan sila, kabilang na ang paglahok sa Takeout Wednesdays at kamakailan sa paglulunsad ng kampanyang Suportahan ang Lokal sa Brampton. Nasasabik akong ianunsyo ang pagsali ng Lungsod sa ShopHERE. Hinihikayat ko ang ating independiyenteng mga negosyante at artist na mag-aplay at samantalain nang mabuti ang mga resource na available sa kanila.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Regular nating pinapasali ang ating komunidad ng negosyante sa buong krisis ng COVID-19, at narinig ang mukhang napakabigat na mga hamon na nahaharap ng marami. Sinabi nila sa atin na nangangailangan sila ng suporta sa pagpapahusay ng kanilang digital presence at nakinig tayo. Ang ShopHERE ay isang napakahusay na solusyon para makatulong sa kanilang online na mga alok at nag-evolve sa mga bagong modelo sa negosyo. Labis nating ipinagmamalaki na ang lokal na kumpanyang eShipper ay isa sa bilang ng mga partner na nag-sign on para suportahan itong pambansang inisyatiba.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Kasamang Pinuno, Task Force ng Mayor sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19*

“Habang inaasam natin ang pagbangon ng ekonomiya, ipapatupad natin ang sari-saring mga programa at mga paraan para tulungan ang ekonomiya ng Brampton at magbigay ng suporta sa komunidad ng ating lokal na negosyante. Ang ShopHERE ay isang inisyatiba na makatutulong sa atin na ilagay sa tamang puwesto ang kinakailangang mga suporta para muling pag-isipan ng ating mga negosyante ang kanilang mga pamamaraan pasulong.”

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Kapwa Pinuno, Task Force ng Mayor sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19*

“Tulad ng palagi, committed ang ating staff sa pagbuo ng mga partnership at pagpapatupad sa mga inobatibong mga bagong paraan para makatulong sa paglilingkod sa ating mga residente at komunidad ng negosyante. Ang ShopHERE ay isang napakahusay na akma para sa ating organisasyon at ating mga independiyenteng negosyante at artist.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca